



**New Jersey Economic Development Authority**  
**Eksperimental na Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City**  
**PAUNAWA NG PAGKAKAROON NG PAGPOPONDO**

Sisimula na ng New Jersey Economic Development Authority (“NJEDA” o “Authority”) ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa Atlantic City Food Security Grants Pilot Program (“Programa” o Eksperimental na Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City) sa Abril 2, 2024 sa ganap na 10:00 AM. Kailangang isumite ang mga aplikasyon hanggang Mayo 14, 2024 sa ganap na 5:00 PM. Ang aplikasyon ay maaaring ma-access sa: [Eksperimental na Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City - NJEDA](#)

Gagawing available ng Programa ang hanggang \$5.25 milyon sa pagpopondong gawad sa pamamagitan ng may kumpetisyong proseso ng aplikasyon sa mga karapat-dapat na aplikante para sa mga proyektong maaaring magkaroon ng positibong epekto para sa kakayahan ng mga residente ng Atlantic City na ma-access ang mga sariwa, abot-kaya, at masustansyang pagkain. Walang singil sa aplikasyon paras sa Programa.

**Layunin at Pangkalahatang Pananaw**

Noong Enero 2021, nilagdaan ni Gobernador Phil Murphy Food Desert Relief Act (FDRA), na naglaan sa NJEDA ng kabuuang \$240 milyon sa mga kredito ng buwis sa susunod na anim na taon, at inatasan ang NJEDA na makipagtulungan sa Department of Community Affairs (Kagawaran para sa mga Ugnayang Pangkomunidad) at Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura) ng New Jersey para magtalaga ng hanggang 50 Food Desert Community (mga FDC) sa buong estado. Ang mga komunidad na ito ay tahanan para sa mahigit 1.5 milyong residente at sa bawat county sa New Jersey. Ang nakapaloob ng pagsusuri ng datos ay nagpahintulot sa mga FDC na marangguhan nang ayon sa Composite Food Desert Factor Score, na nagpapahiwatig ng kalalaan o kalubhaan sa kanilang katayuan sa food desert. Pumapangalawa sa ranggo ang Atlantic City/Ventnor FDC sa lahat ng 50 FDC sa New Jersey, na nagpapahiwatig ng malubhang pangangailangan. Mahigit 41,000 tao ang naninirahan sa loob ng hangganan ng Atlantic City/Ventnor FDC, na saklaw ang kabuuan ng Atlantic City at ang *bahagi* ng kalapit na Ventnor. Upang masimulan ang mga inisyatibang tutugon sa mga FDC at dahil sa agarang pagkakaroon ng mga pondong SLFRF para sa Atlantic City, ang eksperimental na Programang ito ay magpopokus sa Atlantic City.

Noong Oktubre 12, 2023, inaprubahan ng Board ng NJEDA ang paglikha ng Eksperimental na Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City, isang \$5,250,000 na programang pinopondohan mula sa Pondo para sa Pagbangon ng Ekonomiya na gagawa ng mga gawad para sa mga proyektong magpapatatag sa pag-access sa pagkain at seguridad ng pagkain sa Atlantic City.

**Mga Detalye ng Programa**

Itinalaga ang Programa para tugunan ang mga hamon na kinakaharap ng mga residente ng Atlantic City habang nauugnay ito sa pag-access sa mga sariwa, abot-kaya at masustansyang pagkain. Dahil sa agarang pangangailangan para sa pinabuti, maaasahan at patuloy na pag-access sa pagkain sa Atlantic City, nilalayan ng Programa na pondohan at suportahan ang 1) mga entidad na nagkokonekta sa mga residente ng Atlantic City sa mga programa ng pang-emerhensyang pagkain, 2) paglikha ng mga programa, serbisyo, paggasta ng kapital, o iba pang tulong sa mga entidad na pinaglilingkuran ang mga labis-labis na naapektuhang sambahayan, populasyon sa Atlantic City.

Ang mga gawad ng Programa ay ibibigay sa mga entidad ng pamahalaan, entidad na not-for-profit, at mga entidad na for-profit na umiiral na ng hindi bababa sa dalawang taon sa panahon ng aplikasyon at kasalukuyang pinaglilingkuran, sa anumang paraan, ang mga residente ng Atlantic City/Ventnor FDC. Ibibigay lamang ang mga pondo ng gawad sa mga entidad na nagsasaad na gagamitin nila ang mga pondong gawad upang mapabuti ang kalidad ng buhay sa Atlantic City sa pamamagitan ng pagpapagiting ng pag-access sa pagkain at/o seguridad sa pagkain sa Atlantic City. Ang pagbili ng lupa o mga gusali ay hindi isang kuwalipikadong gastos. Ang lahat ng iba pang gastos na makukuha pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng kasunduan sa gawad ay karapat-dapat, na mapapailalim sa pag-apruba ng Authority sa badyet ng proyekto at sumusuportang pagdodokumento.

Upang makapagbigay ng pagpopondong gawad upang masuportahan ang lahat ng karapat-dapat na proyekto, isang maximum na isang Proyekto ang maaaring mapondohan kada karapat-dapat na aplikante. Ilalaan ang pagpopondong gawad sa mga aplikanteng may pinakamataas na marka, na susundan ng pagkakasunud-sunod na pababang marka hanggang sa may manatiling hindi sapat na pondo para ganap na mapondohan ang susunod na karapat-dapat na aplikante. Kung may pagpopondo pa rin pagkatapos maaprubahan ang lahat ng kuwalipikadong aplikante mula sa unang panahon ng aplikasyon, maaaring muling mabuksan ang panahon ng aplikasyon para sa mga karagdagang aplikasyon sa loob ng inilaang karagdagang anim na linggo.

### **Pagpopondo**

Ang pagpopondo para sa Programa ay magmumula sa programang \$5,250,000 na popondohan mula sa Economic Recovery Fund (ERF, Pondo para sa Pagbangon ng Ekonomiya). Ang pagpopondo ay bubuuin ng \$4,000,000 sa American Rescue Plan Coronavirus State Fiscal Recovery Funds (SLFRF) na ilalaan para sa “Mga Inisyatiba ng Atlantic City” sa Appropriations Act ng FY2024 (P.L. 2023, c. 74). Bukod dito, (\$1,250,000) ang muling ihahatid mula sa Food Retail Innovation sa Programa ng Paghahatid ng Gawad mula sa paglalaan sa FY22 ng mga pondo ng Estado para sa Food and Agriculture Innovation.

### **Pagiging Karapat-dapat**

Ibibigay lamang ang mga gawad sa mga entidad na tumutugon sa mga sumusunod sa pamantayan sa panahon ng aplikasyon:

- Ang aplikante ay isang entidad na for-profit, nonprofit, o pamahalaan na umiiral na ng hindi bababa sa dalawang taon sa panahon ng aplikasyon;
- Kasalukuyang pinaglilingkuran ng aplikante, sa anumang paraan, ang mga residente ng Atlantic City/Ventnor FDC;

- Kayang ipamalas ng aplikante ang *umiiral* na programa o serbisyong nauugnay sa pag-access ng pagkain at/o seguridad ng pagkain, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pamamahagi ng pagkain, nutrisyon, lokal na agrikultura, at/o pag-retail ng pagkain (tulad ng maaaring naiiba ang programa sa mga aktibidad sa seguridad ng pagkain o pag-access sa pagkain na iminumungkahi para sa gawad); at
- Kailangang nasa napakabuting katayuan ng lahat ng aplikante sa panahon ng aplikasyon sa mga sumusunod na Kagawaran ng New Jersey:
  - Department of Labor and Workforce Development (“NJDOL”, Kagawaran ng Paggawa at Pag-unlad ng Manggagawa)
  - Department of Environmental Protection (Kagawaran para sa Proteksyon ng Kapaligiran)
  - Division of Taxation (Dibisyon sa Pagbubuwis), gaya ng ipinapakita sa Tax Clearance Certificate
- Ang aplikante ay hindi sumasailalaim sa pagkakasuspindi o pagkaka-disbar alinsunod sa 2 CFR § 200.214 at sa mga ipinapatupad na regulasyon nito, kabilang ang mga Executive Order 12549 at 12689, 2 CFR bahagi 180.

### **Mga Karapat-dapat na Paggamit**

Maaari lamang magamit ang pagpopondo sa gawad para sa *mga inaasahang gastos* sa Proyektong partikular na inaprubahan batay sa aplikasyon, pagrerepaso ng Authority, at kasunduan sa gawad. Ibibigay lamang ang mga pondo ng gawad sa mga entidad na nagsasaad na gagamitin nila ang mga pondong gawad upang mapabuti ang pag-access sa pagkain at/o seguridad sa pagkain sa Atlantic City.

Ang (mga) iminumungkahing paggamit ay kailangang maisakatuparan sa loob ng dalawang taon ng pagpapatupad sa kasunduan sa gawad, na mapapailalim sa dalawang 6 na buwan na pagpapalawig ng mga tauhan ng EDA, kung pinagsumikapan ng ginawaran ang pagpupursigi sa paggamit at na ang pagkaantala ay hindi nakikini-kinita at wala sa kontrol ng ginawaran, sa abot ng pinahihintulutan sa ilalim ng mga pederal na deadline sa paggasta.

Gaya ng hinihingi ng batas, ang konstruksyon, kabilang ang paggamit ng mga kalakal sa konstruksyon na nauugnay sa paglalagay ng kagamitan, ay mapapailalaim sa mga kinakailangang apirmatibong aksyon ng Estado para sa mga kontratista. Ang naturang gawain na may gastos na \$2,000 o higit pa ay mapapailalaim sa nananaig na hinihingi sa sahod ng New Jersey at ng nananaig na hinihingi ng Authority pagdating sa sahod at apirmatibong aksyon. Bukod dito, kailangang gamitin ng mga ginawaran ang mga kontratistang nakarehistro bilang Public Works Contractor ng New Jersey sa NJDOL para sa gawain, na napapailalaim sa Umiiral na Sahod.

Sasailalim ang mga gawad sa mga hinihingi ng pederal na pamahalaan hinggil sa Pagdodoble ng mga Benepisyo at, kung kasama ang konstruksyon, sa pagsusuri ng pagiging makatuwiran ng gastos.

Ang pagpopondo ng gawad ay **hindi maaaring** magamit para sa pagbili ng lupa o mga gusali bilang karapat-dapat na gastos. Ang lahat ng iba pang gastos na makukuha pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng kasunduan sa gawad ay karapat-dapat, na mapapailalim sa pag-apruba ng Authority sa badyet ng proyekto at sumusuportang pagdodokumentado. Halimbawa, kabilang sa mga karapat-dapat na gastos ang konstruksyon, kagamitan, paglalagay, mga suweldo at kaugnay na gastos, at upa.

### **Mga Halaga ng Gawad**

Ang pinakamababang pagpopondo sa gawad ay \$50,000 kada proyekto. Ang pinakamalaking pagpopondo sa gawad ay \$500,000 kada proyekto. Maaaring sagutin ng mga pondo ng gawad ang hanggang 100 porsyento ng mga iminumungkahing proyekto. Kung ang mga pondong gawad mula sa EDA ay hindi hiniling para sagutin ang 100 porsyento ng mga iminumungkahing gastos sa proyekto, kailangang ilarawan ang mga karagdagang pagkukunan ng pagpopondo sa badyet at salaysay sa badyet na isinumite para maaprubahan.

Ang potensyal na halaga ng gawad ay batay sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng pagpopondo. Pinananatili ng NJEDA ang karapatang dagdagan ang halaga at bilang ng mga gawad kung maging available ang mga karagdagang pagpopondo.

### **Pagsumite ng Aplikasyon at Proseso ng Pagrerepaso (kabilang ang Pagmamarka)**

Ang mga aplikasyon para sa Programa ay hindi tatanggapin pagkatapos ng deadline sa **Abril 30, 2024 sa ganap na 5:00pm**. Para mag-apply, kailangang magparehistro ng aplikante, o mag-log in sa online na portal ng aplikasyon, kumpletuhin nang buo ang lahat ng tanong na kinakailangang sagutan, at i-upload ang lahat ng hinihinging dokumento nang naka-PDF.

"Rerepasuhin ng mga kawani ng NJEDA ang lahat ng aplikasyon para sa pagkakumpleto at pagiging karapat-dapat. Sa natatanging pagpapasya ng Authority, maaaring humingi ang kawani ng NJEDA ng higit pang impormasyon para sa aplikasyon, kabilang ang, mga sagot, dokumentasyon, at kalakip. Bibigyan ang mga aplikante ng 10 araw ng negosyo para sumagot sa mga kahilingang ito. Pinananatili ng Authority ang karapatang magbigay ng dalawang dagdag na 10 araw ng negosyo na mga panahon ng pagremedyo kung kailangan. Kung magbibigay ng isa pang panahon ng pagremedyo, ibibigay ito sa lahat ng aplikante. Kung sa katapusan ng panahon ng pagremedyo, o mga panahon ng pagremedyo, kung dalawa o tatlong panahong ng pagremedyo ang ibibigay, ay hindi tumutugon ang aplikante, ituturing na iniurong ang aplikasyon. Walang aplikasyon ang bibigyan ng score hanggang sa katapusan ng alinman o lahat ng panahon ng pagremedyo."

Ang bawat aplikasyon ay kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang organisasyon at sa kanilang iminumungkahing proyekto, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- Detalyadong paglalarawan sa iminumungkahing proyekto, kabilang ang inaasahan nitong epekto sa pag-access sa pagkain at/o seguridad ng pagkain ng mga residente ng FDC sa Atlantic City. Kailangang kasama sa paglalarawan ang, sa pinakamababa, mga sumusunod:
  - Paglalarawan sa mga kasalukuyang pangangailangan sa seguridad ng pagkain at pag-access sa pagkain at mga hamon sa Atlantic City;
  - Paglalarawan sa kung paano matutugunan ng iminumungkahing proyekto ang pag-access sa pagkain at seguridad ng pagkain sa Atlantic City, partikular na ang para sa mga tumatanggap ng SNAP at WIC;
  - Pagtukoy sa iba pang mga pangunahing stakeholder at paglalarawan sa kung paano makikipagtulungan sa kanila ang aplikante;

- Pagsasapanahon ng pagpapatupad at plano ng paggawa. Kailangang kasama sa plano ng paggawa ang, sa pinakamababa:
  - Mga layuning Espesipiko, Masusukat, Maisasakatuparan, Nauukol, Nasa Panahon (SMART);
  - Paglalarawan sa aktibidad ng bawat proyekto;
  - Pagsasapanahon ng proyekto, kabilang ang mahahalagang yugto at haba ng panahon na kailangan para maipatupad ag bawat aktibidad sa loob ng panahon ng gawad;
  - Pagtukoy sa naaangkop na tauhang responsable sa bawat aktibidad ng proyekto;
- Paglalarawan sa kakayahan ng organisasyon na isagawa ang iminumungkahing proyekto, kabilang ang kasalukuyan at nakaraang karanasan sa (a) paglilingkod sa mga residente ng Atlantic City/Ventnor FDC at b) pagbibigay ng programa o mga serbisyong nauugnay sa pag-access sa pagkain at seguridad ng pagkain sa Atlantic City at/o iba pang mga bahagi ng New Jersey;
- Paglalarawan sa mga pagsusumikap sa pakikibahagi sa komunidad, na maaaring kabilangan ng mga liham ng suporta para sa mungkahi; at
- Linya ng item sa badyet at salaysay sa badyet para sa saklaw ng iminumungkahing proyekto. Ang hiniling na antas ng pagpopondo ay dapat mabalangkas nang ayon sa linya ng item. Ang mga linya ng item ay kailangang malinaw na maipaliwanag sa salaysay sa badyet. Ang hiniling na antas ng pagpopondo ay dapat maging magatuwiran para sa mga iminumungkahing aktibidad sa loob ng pagsasapanahon ng proyekto. Kung ang kabuuang gastos sa proyekto ay lumampas sa hiniling na halaga ng gawad, kailangang ilarawan sa salaysay ng badyet ang mga pagmumulan ng lahat ng iba pang mga pondo.

**Tandaan: Ang ikatatagumpay at kahandaan ng proyekto na magpatuloy/pagsasapanahon ay mga salik sa pagmamarka at konsiderasyon. Dapat magbigay ang mga aplikante ng mas maraming detalye hangga't maaari hinggil sa mga hakbang na nakapaloob at inaasahang pagsasapanahon para sa iminumungkahing proyekto.**

Para sa mga proyektong may kinalaman sa Gastos sa Konstruksyon at Gastos na Nauugnay sa Konstruksyon, kailangang matugunan ang mga sumusunod na hinihingi:

- Rehistradong Kontratista/Subcontractor ng NJDOL Public Works  
 Ang lahat ng kontratistang ginagamit para sa anumang gastos sa konstruksyon na \$2,000 o higit pa ay kailangang nakarehistro bilang Nakarehistrong Kontratista ng Public Works Contractor ng Department of Labor and Workforce Development (DOL) ng New Jersey. Ang anumang quote na isinumite mula sa mga kontratista/subcontractor na hindi mga Nakarehistrong Kontratista ng NJDOL Public Works sa panahon ng aplikasyon ay hindi magiging karapat-dapat na magamit sa iminumungkahi mong proyekto.
- Mga Propesyonal na Serbisyo  
 Ang lahat ng propesyonal na serbisyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyong pang-arkitekto, pang-inhinyeriya, pamamahala ng konstruksyon, ay kailangang magbigay ng katibayan ng Pagpaparehistro ng Negosyo sa NJ at form ng Beripikasyon ng Propesyonal na Serbisyo.

### Pagmamarka

Ang mga aplikasyong hindi kumpleto, kabilang ang mga hindi nagbibigay ng sagot sa lahat ng hinihinging tanong at mga hindi tumutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng aplikante, ay hindi magpapatuloy sa pagmamarka. Ang mga aplikasyong itinuturing na kumpleto ay rerepasuhin at mamarkahan ng komite ng pagmamarka sa pagsusuri na bubuuin ng mga tauhan ng NJEDA. Mamarkahan ang mga aplikasyon sa iskala ng 0 - 100 puntos. Upang maisaalang-alang para sa pagpopondo ng gawad, kailangan ang **minimum na marka na 50 sa 100 puntos**. Mamarkahan ang mga aplikasyon batay sa mga sumusunod na pamantayan:

- **Pamantayan #1: Paglalarawan sa Proyekto/Pahayag sa Gawain** (hanggang 30 puntos) – Kabilang sa mga salik na isasaalang-alang ang:
  - Pag-unawa ng aplikante sa mga pangangailangan at hamon ng Atlantic City hinggil sa seguridad ng pagkain at pag-access sa pagkain;
  - Posibleng epekto ng iminumungkahing proyekto sa pag-access sa pagkain at/o seguridad ng pagkain ng mga residente ng Atlantic City;
  - Posibleng epekto ng iminumungkahing proyekto sa pag-access sa pagkain para sa mga tumatanggap ng mga pederal at pang-estadong benepisyo sa nutrisyon, kabilang ang SNAP at WIC;
  - Potensyal para ang proyekto ay maging matagumpay, mapapanatili, at maiaakma sa iba pang mga Food Desert Community;
- **Pamantayan #2: Plano ng Gawain** (hanggang 20 puntos) – Susuriin ang mga aplikasyon batay sa mga salik, kabilang ang:
  - Pagiging posible ng plano ng gawain, gaya ng iminumungkahi;
  - Antas ng detalye at katibayan ng masinsing pagpapalano;
- **Pamantayan #3: Kapasidad na Magsaayos** (hanggang 20 puntos) – May kakayahan ang aplikante sa matagumpay na pagkumpleto ng iminumungkahing plano nang napapanahon. Kasama sa mga isinaalang-alang na salik ang:
  - Karanasan ng aplikante sa pagkakaloob ng mga programa o serbisyong nauugnay sa pag-access ng pagkain at/o seguridad ng pagkain, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pamamahagi ng pagkain, nutrisyon, lokal na agrikultura, at/o pag-retail ng pagkain;
  - Karanasan ng aplikante sa epektibong pagtatrabaho sa mga proyektong nangangailangan ng kolaborasyon at may maraming stakeholder, gaya ng naaangkop para sa iminumungkahing proyekto;
  - Paghahanay ng iminumungkahing proyekto sa kabuuang misyon o pangunahing linya ng negosyo ng aplikante
- **Pamantayan #4: Pakikibahagi sa Komunidad** (hanggang 20 puntos) – Kabilang sa mga salik na isasaalang-alang ang:
  - Lalim ng karanasan sa paglilingkod sa mga residente ng Atlantic City;
  - Kasaysayan ng paghingi at pagsagot sa saloobin mula sa mga stakeholder, tulad ng mga miyembro ng komunidad, customer, o tagapagtaguyod;
  - Mga pagsusumikap upang matiyak na ang mga programa o serbisyo ay nagtataguyod ng panlipunan at pang-ekonomiyang ekidad;

- Kakayahang isaalang-alang at pahupain ang mga balakid na lumikha ng mga hamon para sa seguridad sa pagkain at pag-access sa pagkain sa nakaraan;
- **Pamantayan #5: Badyet at Salaysay sa Badyet** (hanggang 10 puntos) – Susuriin ang mga aplikasyon batay sa antas ng detalye, kalinawan ng pangangatuwiran/paliwanag sa badyet, salaysay sa badyet na may malinaw na kaugnayan sa mga mithiin at pagiging makatuwiran ng proyekto.

Una munang ilalaan ang proyekto sa aplikanteng may pinakamataas na marka, na susundan ng pagkakasunud-sunod na pababang marka sa ibang mga aplikanteng tumutugon sa hinihinging pinakamababang marka na 50 sa 100 puntos, hanggang sa may manatiling hindi sapat na pondo para ganap na mapondohan ang susunod na karapat-dapat na aplikasyon. Kung may pagpopondo pa rin pagkatapos maaprubahan ang lahat ng kuwalipikadong aplikante mula sa unang panahon ng aplikasyon, maaaring muling mabuksan ang panahon ng aplikasyon para sa mga karagdagang aplikasyon sa loob ng inilaang karagdagang anim na linggo. Ang mga aplikasyong natanggap sa panahong iyon ay rerepasuhin at mamarkahan habang sumusunod sa parehong pamamaraan.

### **Kasunduan sa Gawad**

Sa oras na maaprubahan ang proyekto para sa pagpopondo, papasukin ng Authority ang kasunduan sa gawad ("Kasunduan sa Gawad") kung saan idinidetalye ng aplikante ang proyektong popondohan, mga karapat-dapat na gastos sa Proyekto, ang halaga ng pagpopondo sa gawad, at lahat ng hinihinging pinansyal na pagpoprograma, kabilang ang halaga ng iba pang pagpopondo sa tuwing naaangkop. Idedetalye ng Kasunduan sa Gawad ang mga pagsasapanahon para sa Proyekto at pag-uulat sa Proyekto. Ang (mga) iminumungkahing paggamit ay kailangang maisakatuparan sa loob ng dalawang taon ng pagpapatupad sa kasunduan sa gawad, na mapapailalim sa dalawang 6 na buwan na pagpapalawig, sa diskresyon ng mga tauhan ng EDA, kung pinagsumikapan ng ginawaran ang pagpupursigi sa paggamit at na ang pagkaantala ay hindi nakikini-kinita at wala sa kontrol ng ginawaran, sa abot ng pinahihintulutan sa ilalim ng mga pederal na deadline sa paggasta. Magiging responsable ang aplikante sa pagtitiyak ng pagsunod sa Proyekto sa lahat ng tuntunin at kondisyon sa Kasunduan sa Gawad at mga hinihingi sa pagpopondo ng Programa.

### **Paglalabas ng Pagpopondo sa Gawad**

Ilalabas **lamang** ng Authority ang mga gawad sa aplikante para sa karapat-dapat at inaprubahang saklaw ng gawain. Ilalabas ang mga pondo alinsunod sa sumusunod na iskedyul:

- 50 porsyento ng gawad ang ilalabas sa oras na maipatupad ang kasunduan sa gawad sa pagitan ng NJEDA at ng piniling aplikante;
- 25 porsyento ng gawad ang ilalabas sa oras na maisumite ng aplikante ang ulat sa kalagitnaan ng programa, ang eksaktong pagsasapanahon ay pagpapasyahan batay sa plano ng pagpapatupad ng ginawaran at sumasalamin sa kasunduan sa gawad; at
- 25 porsyento ng halaga ng gawad ay ilalabas sa oras na marepaso at maaprubahan ng Authority ang isinumiteng pinal na ulat ng aplikante hinggil sa pagkumpleto ng iminumungkahing proyekto, na inaasahang hindi lalampas ng dalawang (2) taon pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng kasunduan sa gawad o Setyembre 30, 2026, alinman ang mas maaga.

### **Pagsunod Pagkatapos ng Pagsasara**

Aatasan ang mga ginawaran na mag-ulat sa NJEDA nang hindi bababa sa kada tatlong buwan, kabilang ang mga ulat sa kalagitnaan ng programa at pinal na ulat, simula sa pagpapatupad ng gawad at palalawigin hanggang sa katapusan ng termino ng gawad. Ang mga ulat na ito ay kailangang magbigay ng mga update sa pag-unlad ng mga ginawaran laban sa pagsasapanahon ng kanilang iminungkahing proyekto, at datos at mga kinalabasan sa epekto ng proyekto (hal. bilang ng mga taong pinaglilingkuran), at mga gastos sa proyekto, parehong kumulatibo at mula pa noong nakaraang ulat.

**Muling tutukuyin** ng NJEDA ang anumang gawad na pondong ginamit para sa (1) hindi karapat-dapat na layunin o (2) anumang layunin sa labas ng anumang inaprubahang saklaw ng gawain.

### **Mga Singil**

Walang singil sa aplikasyon ang isisingil para sa programang ito, alinsunod sa mga pamantayan ng NJEDA sa mga singil.

### **Mga Karagdagang Kinakailangan at Impormasyon**

Ang Komprehensibong impormasyon tungkol sa Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City ay makikita sa

[Eksperimental na Programa ng mga Gawad para sa Seguridad ng Pagkain sa Atlantic City - NJEDA](#)

Ang mga tanong tungkol sa Paunawa ng Pagkakaroon ng Pagpopondo ng Programa na ito ay dapat isumite sa [FoodSecurityGrants@njeda.gov](mailto:FoodSecurityGrants@njeda.gov).

**Ang NJEDA ay napapailalim sa mga batas ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod, na maaaring makaapekto sa mga kaakibat:** N.J.S.A. 52:32-60.1, et seq., na pinagbabawalan ang mga entidad ng pamahalaan ng New Jersey sa ilang mga pakikipag-areglo sa mga negosyong nakikibahagi sa mga ipinagbabawal na aktibidad sa Belarus o Russia; Pagsunod sa listahan ng “Mga Partikular na Tinukoy na Mamamayan o Pinagbabawalang Indibidwal” na pinairal ng Office of Foreign Assets Control (OFAC), <https://sanctionssearch.ofac.treas.gov>; N.J.S.A. 24:6I-49 na nagsasaad na ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat para sa karamihan sa mga pang-Estado at lokal na insentibong pang-ekonomiya (a) isang indibidwal o entidad na inisyuhan ng lisensya para magpatakbo bilang tagapagtanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o tagapaghatid ng cannabis, at (b) may-ari, ng ari-arian, tagapagpaunlad, o tagapagpatakbo ng proyektong gagamitin, nang buo o bahagi nito, sa pamamagitan ng o upang mapakinabangan ng tagapagtanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, serbisyo ng paghahatid ng cannabis, o na pagtrabahuhin ang sertipikadong tagapangasiwa ng personal na ginagamit na cannabis para isagawa ang trabaho para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at N.J.S.A. 52:13D-12, et seq., na pinagbabawalan ang miyembro ng Lehislatura o opisyal ng Estado o empleyado o kanilang mga katuwang o korporasyon kung saan pagmamay-ari o kontrolado nila ang mahigit 1% ng stock na magsagawa o



ipatupad ang anumang kontrata, kasunduan, pagbebenta, o pagbili ng \$25.00 o higit pa, na pinasok, ibinigay o iginawad ng anumang ahensya ng Estado, na may mga partikular na limitadong eksepsyon.